# Balitang Manmin

BILANG 156 MAYO 15, 2016


# "Hindi Dapat Katakutan ang Kahirapan, Karamdaman, at Kalamidad"

## Pagpapalain ang mga Lumalakad sa Liwanag


Nais ng Diyos na maging malusog, walang kahit na anong karamdaman, magkaroon ng kakayahang tumulong sa ibang tao, at maging mapayapa at walang takot sa mga kalamidad ang mga anak Niya.

Mababasa sa Exodo 15:26, "Kung iyong diringgin ng buong tiyaga ang tinig ng PANGINOON mong Diyos, at iyong gagawin ang matuwid sa Kanyang mga mata, at iyong susundin ang Kanyang mga utos, at iyong tutuparin ang lahat ng Kanyang mga batas, wala Akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay Ko sa mga Ehipcio; sapagkat Ako ang PANGINOON na nagpapagaling sa iyo." Kung susundin natin ang Salita ng Diyos, may proteksyon tayo. At kahit magkaroon man tayo ng mga karamdaman, kapag magsisisi tayo sa mga kasalanan natin, gagaling tayo ayon sa kapangyarihan ng Diyos (may mga patotoo tungkol dito sa pahina 3).

Isinasalaysay ng Isaias 58:13-14, "...at iyong tinawag ang Sabbath bilang isang kasiyahan, at marangal ang banal na araw ng PANGINOON, at ito'y iyong pinarangalan, na hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad, ni hahanap ng iyong sariling kalayawan ni magsasalita ng iyong mga salita; kung magkagayo'y malulugod ka sa PANGINOON, at pasasakayin kita sa mga mataas na dako sa lupa; at pakakainin kita ng mana ni Jacob na iyong ama..." Sa Malakias 3:10, "'Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa kamalig upang magkaroon ng pagkain sa Aking bahay, at sa gayo'y subukin ninyo Ako ngayon, sabi ng PANGINOON ng mga Hukbo. Tingnan ninyo kung hindi Ko bubuksan para sa inyo ang mga bintana ng langit, at ibubuhos Ko sa inyo ang isang pagpapala na walang sapat na kalalagyan.'" Ayon sa mga talatang ito, ang paraan para manatiling protektado at tumatanggap ng mga pagpapala ay pagsunod sa araw ng Panginoon at pagkakaloob ng buong ikapu.

Nagsisikap ang mga miyembro ng Manmin Central Church na sundin ang Salita, panatilihing banal ang Araw ng Panginoon, at magbigay ang buong ikapu. Dahil dito, iniingatan sila ng Diyos sa mga kalamidad na dala ng kalikasan. Pinagpapala rin ang negosyo at lugar ng trabaho nila kahit hindi mabuti ang lagay ng ekonomiya sa buong mundo (may mga salaysay tungkol dito sa pahina 1 at 4).

## Dahil sa Panalangin ni Dr. Jaerock Lee Nawala ang Karamdaman na Nagmumula sa Ebola Virus!




**Diakono Sebastien Impeto Pengo, Kinshasa Manmin Church, DR Congo**

Noong nagsimula ako ng tungkulin sa pulitika, wala akong pinagkunan ng suporta. Pero dahil sa pananalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, tumataas ang posisyon ko.

Noong Agosto 2014, nagtrabaho ako bilang gobernador ng Equateur, DR Congo. Nagkasakit ang maraming tao sa lugar na iyon dahil sa Ebola virus. Lubhang nakakahawa at nakakamatay ang virus na ito. Noong kumalat ito sa bansa, ang porsiyento ng mga namatay ay nasa 25% hanggang 90%. Nabigla kaming lahat.

Inatasan ako ni Presidente Joseph Kabila ng DR Congo na pigilan ang pagkalat ng Ebola virus sa Kinshasa, ang kabiserang lunsod. Walang paraan para magawa ito ng isang tao. Noong taong 2011, naranasan ko ang kapangyarihan ng Diyos. Kamuntik nang mamatay ang anak kong si Manuela sa panganganak, pero nabuhay siya dahil sa panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa lugar at panahon.

◆◆◆

Noong Setyembre 16, 2014, nagpadala ako ng hiling na panalangin kay Dr. Lee, nanampalataya ako. Nakatanggap ako ng tawag sa telepono na sinasabing idinalangin na ito ni Dr. Lee noong Setyembre 21. Tiningnan ko ang proseso ng pagkalat ng virus bawat araw, tiningnan ko ulit ito pagkatapos ng pananalangin. Nagulat ako sa nakita ko dahil magmula noong araw na ipanalangin ni Dr. Lee ang tungkol dito, walang bagong kaso ng karamdamang naitala.

Idineklara ni Presidente Joseph Kabila sa UN General Assembly na napigilan na ang pagkalat ng Ebola virus sa DR Congo. Nagpapasalamat at nagpupuri ako sa Diyos na pumuksa sa Ebola sa DR Congo.



## Iningatan Kami, Kahit sa Lindol sa Nepal noong Abril 2015!



**Pastor Grace Lee, Nepal Manmin Church**

Noon ay Sabado, Abril 25, 2015, ganap na ika-11:56 ng umaga. Nasa iglesya kami noon dahil Sabado kami sumasamba. Pababa ng hagdanan ang mga miyembro ng aming iglesya para kumain, katatapos lang ng pagsamba sa umaga. Noong katanghaliang tapat, lumindol ng may lakas na 7.8 at tumagal ito ng may isang oras. Lumabas sa kalye ang karamihan sa mga miyembro.

Nalaman ko pagkatapos ng lindol na pinanood ng mga miyembro ang pag-uga ng gusali ng iglesya. Ang gusali namin ay mas manipis at mas mataas kaysa sa ibang gusali (kanan). Sumayaw ito, parang niyugyog, parang napakamapanganib, nag-iyakan at nagsipanalangin sila. Sa ganap na ika-1:00 ng hapon, sa halip na idaos ang pagsamba, nagdaos ako ng pulong-panalangin na karaniwan naming idinadaos sa ganap na ika-2:00. Pagkatapos ng pulong-panalangin, nanalangin ako sa hardin ng kapihan ng gusali, kasama ko ang mga miyembro na gustong manatili sa iglesya. Pagdating ng ika-5:45 ng hapon, nagsimula na ang espesyal na pulong-panalanging Daniel ng Manmin Central Church. Dinadaluhan namin ito sa pamamagitan ng GCN.

◆◆◆

Kinabukasan na natapos ang pulong-panalangin, idinalangin ng Punong Pastor ang lahat ng dumalo sa loob ng 42 araw. Tinanggap namin ang pagbasbas. Idinalangin niya kaming mga nasa Mission Center ng Nepal. Sa katunayan, sinabing magkakaroon ng mas malakas na lindol, may lakas na 9-12 na yayanig sa buong Nepal, uulan din ng malakas. Sinabi rin na magkakaroon ng pagguho. Wala ni isang nakakatiyak kung mabubuhay pa o mamamatay na. Gayon pa man, tinanggap namin ang panalangin ni Dr. Lee. Walang nakitang pagguho sa bahay ng mga miyembro, hindi rin sila pinagnakawan. Iningatan ng Diyos ang 208 sangay at katuwang na mga iglesya (220 sa kasalukuyan).

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nag-ingat sa amin, walang ibang makakagawa nito sa naganap na napakalaking kalamidad!





Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Diyos na Makapangyarihan

"Narito, Ako ang PANGINOON, ang Diyos ng lahat ng laman; mayroon bang anumang napakahirap para sa Akin?" (Jeremias 32:27)

•••

Ang Diyos na Manlilikha ay nagmula sa walang hanggan hanggang sa walang katapusan, perpekto, at nakakabatid ng lahat ng bagay. Siya ang makapangyarihang Diyos na nakakagawa ng kahit na anong bagay. Sa buong Biblia palaging binabanggit ang tungkol sa mga tanda at himala na hindi magagawa ng sinuman.

Ang mga pagkilos ng makapangyarihang Diyos ay ipinapakita ng mga taong isinusugo Niya sa iba't ibang henerasyon, kaya kahit ngayon nagpapatuloy ang Diyos sa pagpapakita ng mahimalang kapangyarihan Niya. Sa Juan 4:48, sinabi ni Jesus, "Malibang makakita kayo ng mga tanda at mga kababalaghan ay hindi kayo mananampalataya." Hindi maniniwala ang tao hangga't hindi sila makakakita ng kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda at himala.

## 1. Batid ng Diyos ang lahat ng bagay

Hindi lang ang lahat ng mga sinasabi at ginagawa natin ang batid ng Diyos, batid din Niya ang laman ng mga puso at isipan natin. Ito ay sapagkat Siya ang lumalang sa atin, nakasulat sa Mga Awit 139:13, "Sapagkat hinubog Mo ang aking nasa loob na bahagi, at sa bahay-bata ng aking ina ako'y Iyong hinabi." Batid din Niya ang mga bagay na nangyayari sa kasalukuyan at nalalaman ang mga bagay na darating.

Nakasulat sa Biblia ang maraming propesiya tungkol sa pagdating ng Tagapagligtas ng sangkatauhan, sa pagkawasak at muling pagbangon ng Israel, at mga bagay na mangyayari sa katapusan ng panahon. Ang mga propesiyang ito ay natupad na at matutupad pa. Ipinapahayag ng Diyos ang mga bagay na mangyayari sa pamamagitan ng mga taong karapat-dapat sa mata Niya. Sinasabi ng Amos 3:7, "Tunay na ang PANGINOONG Diyos ay walang gagawin, malibang Kanyang ihayag ang Kanyang lihim sa Kanyang mga lingkod na mga propeta."

Kahit ngayon, ipinapahayag ng Diyos ang mga bagay na mangyayari, ginagamit Niya ang mga taong malalim ang pakikipag-ugnayan sa Kanya. Nagsabi din ako ng maraming propesiya na gustong ipahayag ng Diyos sa iglesyang ito. Halimbawa, sinabi kong si Taewoo Roh ang magiging presidente ng South Korea noong 1987, at susunod sa kanya sina Presidente Youngsam Kim at Daejung Kim. Sinabi ko rin na mananalo si Ronald Reagan bilang presidente ng Estados Unidos at si Margaret Thatcher ang magiging Prime Minister ng United Kingdom. Nauna na ding sabihin sa akin ng Diyos ang tungkol sa kamatayan nina Prime Minister Indira Gandhi at General Secretary Chernenko ng dating Soviet Union.

Nagpropesiya din ako tungkol sa presyo ng krudo at sa mangyayari sa Middle East, at kung paano mabubuo at maglalaban ang tatlong malalaking pwersa sa mundo tulad ng Estados Unidos, European Union, at ang mga bansang dating nasa ialim ng kapangyarihan ng komunistang China at Russia. Sinabi kong mabibigo ang "sunshine policy" ng South Korea na nakatuon sa North Korea, at ang pagbubukas ng pintuan ng North Korea, pero panandalian lang ito, muli itong magsasara.

Nagpropesiya ako tungkol sa maraming iba't ibang paksa at kaganapan, at bawat isa sa kanila ay natupad o matutupad. Ang ating Diyos na nakakabatid ng kasalukuyan at hinaharap ng kasaysayan ng mundo, ay nakakabatid din ng mangyayari sa buhay ng bawat isa sa atin. Hinihikayat ko kayong lumakad sa daan ng kasaganahan at pagpapala sa pagtatalaga ninyo ng lahat ng aspeto ng buhay ninyo sa Diyos na Makapangyarihan.

## 2. Ang hindi masukat na kapangyarihan ng Diyos na nakasulat sa Biblia

Binigyan ng Sampung Salot ng Diyos ang Ehipto sa pamamagitan ni Moises bago maganap ang Exodo ng mga Israelita mula sa bansang ito. At dahil sa kapangyarihan ng Diyos, nahati ang Dagat na Pula, may umagos na tubig mula sa malaking bato, at naging tubig na maiinom ang mapait na tubig ng Mara. Sa kapangyarihan ng Diyos, nagpropesiya si Elias ng matinding tagtuyot na tatagal ng tatlo't kalahating taon. At nang maalab siyang nanalangin, sumagot ang Diyos nang may apoy at nagpadala ng malakas na ulan. Sa kapangyarihan Niya, muling nabuhay ang mga patay.

May mga naganap ding pagkilos ang Diyos na Makapangyarihan sa panahon ng Bagong Tipan. Binuhay ni Jesus ang patay na si Lazaro, binuksan Niya ang mga mata ng bulag, pinagaling Niya ang mga maysakit at may kahinaan, at pinalaya Niya ang mga sinaniban ng demonyo. Pinatahimik Niya ang malakas na hangin at ang dagat, at lumakad Siya sa tubig.

Kahit pagkatapos muling mabuhay at umakyat sa Langit ni Jesus, ipinapakita pa rin ng mga alagad ang kapangyarihan ng Diyos. Dinala ng mga tao ang mga maysakit sa daan para kapag dumaan si Pedro, masayaran man lang ng anino niya ang mga ito (Ang Mga Gawa 5:15). Kapag naman dinala sa mga taong maysakit ang mga panyo o balabal ni apostol Pablo, gumagaling sila at lumalayas ang masasamang espiritu (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Sa pagpapakita ng kamangha-manghang kapangyarihan na lumalampas sa kakayahan ng tao, ninanais ng Diyos na makilala Siya ng mga tao para maligtas ang mga ito.

## 3. Kumikilos hanggang ngayon ang Diyos na Makapangyarihan

Sinasabi ng Biblia na si Jesus ay Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman (Sa Mga Hebreo 13:8). Ipinapakita ng Diyos ang kapangyarihan Niya sa pamamagitan ni Jesus kahit sa panahon natin ngayon.


Magmula nang itatag ang Manmin Central Church, naganap ang mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos sa iglesya. Tumatanggap kami ng mga patotoo tungkol sa paggaling ng lahat ng klaseng karamdaman na hindi nagagamot mula sa iba't ibang bahagi ng mundo bawat linggo. At ang lubhang katakataka, maraming nakakaranas ng paggaling mula sa karamdaman at panghihina hindi lang kapag tinanggap nila ang panalangin ko ng personal kundi pati kapag tinanggap nila ito habang nanonood sa internet o sa GCN.

Nagkaroon ng anak ang mga mag-asawang ilang taon nang walang anak. Mula sa ibang bansa naman, tumatanggap kami sa fax o e-mail ng maraming kahilingan para idalangin ang mga maysakit, at kapag nanalangin ako habang nakahawak sa pangalan o litrato ng mga taong may karamdaman, nagpapakita ng kapangyarihan ang Diyos na lumalampas sa lugar at panahon. Sa tuwing nagdadaos ako ng mga espesyal na pagpupulong para muling sumigla ang mga Cristiano sa Korea o sa ibang bansa, idinadalangin ko ang mga maysakit mula sa entablado dahil hindi ko mailapat ang mga kamay ko sa bawat isa sa kanila. Hindi mabilang ang gumagaling ng magkakasabay, niluluwalhati nila ang Diyos. Nagpapatoo din ang mga tao tungkol sa kanilang paggaling kahit dumadalo lang sila sa internet, o sa satellite, o sa telebisyon. Pagkatapos ng mga krusada, nagpapadala ng mga patotoo ang napakaraming tao mula sa buong mundo sa fax o e-mail.

Tingnan natin ang mga himalang ipinakita ng Diyos na Makapangyarihan. Sa tuwing may retreat sa tag-init o may mga espesyal na okasyon, naranasan na ng mga miyembro ng Manmin ang kapangyarihan ng Diyos sa panahon. Kapag nanalangin ako nang may pananampalataya, may mga pagkakataong huminto ang ulan at kung minsan, nagiging maulap ang kalangitan, tinatakpan nito ang matinding init ng araw habang naghahanda ang mga miyembro sa mga kaganapan o aktibidad na gagawin sa labas. Imposibleng bilangin ang mga pruweba o mga pagkakataon kung saan o kailan nakita o naranasan ng mga miyembro ng iglesya ang paggaling mula sa mga karamdaman o sakit, mga hindi pangkaraniwang milagro, mga tanda, at mga himala sa kalikasan tulad ng mga ulap, mga bituin, at mga bahaghari.

Ang mga kamangha-manghang pangyayaring ito ay nangyayari magpahanggang ngayon dahil sa pag-ibig ng Diyos na hindi lang nagnanais na makalaya tayo sa mga karamdaman at magbigay ng kasagutan sa mga panalangin natin, kundi para buksan din ang daan ng kaligtasan para sa lahat ng tao.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, nagpapakita ngayon ang buhay na Diyos ng lahat ng klaseng bagay na hindi makakayang gawin ng tao. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na mabigyan nawa ninyo ng kaluwalhatian ang Diyos sa pagtitiwala ninyo sa kapangyarihan Niya, at makapagdala nawa kayo ng hindi mabilang na kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan.



## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# "Pananampalataya ang Daan Patungo sa mga Kasagutan at mga Biyaya"

Ang mga nagtitiwala at sumusunod sa Salita ng buhay na Diyos ay nagagalak at nagpapasalamat kahit may mga problema. Para sa kanila, pagkakataon ito para tumanggap ng mga biyaya at magkaroon ng mas malaking pananampalataya. Basahin natin ang mga patotoo ng mga mananampalataya na gumaling mula sa iba't ibang karamdaman, nakaranas at nakasaksi ng makapangyarihang pagpapabago ng lagay ng panahon at iba pang bagay sa kalikasan na hindi maipaliwanag, at tumanggap ng malaking biyaya sa kanilang mga negosyo.

## *Gumaling ang Kanser Ko sa Dibdib*


Diakonesa Inok Han, 60 taong gulang, Parokya 4




Noong taong 2007, nakita sa mammography at biopsy na may kanser ako sa dibdib, 2.2sm ang sukat nito. Nanampalataya ako na pagagalingin ako ng Diyos.

Para tumanggap ako ng pagpapagaling ng Diyos, inihanda ko ang sisidlan na karapat-dapat para tanggapin ang kasagutan. Habang pinapakingggan ang mga sermon na nasa mp3, natuklasan ko na may mga reklamo, galit, at sama ng loob ang puso ko. Natanto ko rin na matinding pagkakasala ang pagsamba ko sa mga diyus-diyosan noong hindi pa ako Cristiano. Lubos kong pinagsisihan ang mga ito. Matapat kong tinupad ang mga tungkulin ko, ginawa ko ang lahat para malugod ang Diyos.

Noong Hunyo 10, 2011, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee habang nasa Espesyal na Pagpupulong na may Banal na Pagpapagaling. Pagkatapos, nawala na ang pananakit at lumiit na ang bukol. Noong Hunyo 29, nakita sa muling pagpapasuri ko na wala na ang kanser ko sa dibdib. Hallelujah!




Bago ipanalangin:
2.5sm bukol




Pagkatapos ng Panalangin:
bakas na lang ang naiwan

## *Natanggal ang Nakabara sa Ugat na Nagdadala ng Dugo sa Utak Ko, Nakakapaglakad at Nakakatalon na Ako Ngayon*

Diakono Baekho Choi, 62 taong gulang, Parokya 14



Noong Pebrero 2015, naparalisa ang kanang bahagi ng katawan ko dahil sa stroke. Bago nangyari ito, nakatuon ako sa pag-aaral para magkaroon ng sertipikasyon mula sa Professional Engineer Information Communication. Lumiban ako sa mga pulong-panalangin at mga pagsamba.

Pinagsisihan ko ito, pati na ang paggiit ko ng mga opinyon ko sa ibang tao, ipinapakita nitong hindi ko mahal ang pamilya ko at ang ibang tao. Pagkatapos, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit. Mabilis akong gumaling, nakapaglakad akong walang tulong sa loob lang ng isa at kalahating buwan.

Papilay-pilay pa rin ang paglalakad ko, nahihirapan akong umakyat sa hagdanan. Sinikap kong tuklasin at kilalanin ang sarili ko habang pinapakinggan ang mensahe ni Dr. Lee, nagsisi ako habang umiiyak. Noong Agosto 3, habang nasa pulong na may banal na pagpapagaling ako sa retreat sa tag-init, nanalangin si Dr. Lee para sa mga maysakit. Binigyan ako nito ng lakas, naging normal ang paglakad ko, walang kahirap-hirap. Hallelujah!



Bago ipanalangin:
ugat na may nakabara



Pagkatapos ipanalangin:
normal na ang kalagayan

## *Nawala ang Tumor sa Obaryo na may sukat na 7.62sm*


Punong Diakonesa Sunja Choi, 48 taong gulang, Parokya 13



Noong Mayo 2015, sinabi sa akin sa ospital nang nagpasuri ako na mayroon akong 'functional gastrointestinal disorder', nahihirapan akong dumumi. At mas malala pa dito, may tumor din ako sa obaryo na may laking 7.62sm. Sinabi pa ng doktor na dapat maoperahan agad ako dahil napakalaki ng tumor. Inisip kong mabuti ang naging buhay ko bilang Cristiano, pinagsisihan ko ang pagiging mayabang, mapanghusga, mapanghatol, at masamang-kalooban ko.

Noong Hunyo 5, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee para sa maysakit, nakipag-kamay ako sa kanya, sumasampalataya. Sa sumunod na limang araw, may lumabas sa akin na malinis at mapulang dugo, pakiramdam ko nililinis ang katawan ko. Gumaling din ang balikat ko na matagal ko nang hindi naigagalaw. Naghandog ako ng pangakong-panalangin, sinikap kong isabuhay ang Salita ng Diyos. Noong Hunyo 17, nakita sa pagsusuri ng ospital na lumiit ang tumor, naging 1.95sm na lang ito. Bumuti na rin ang problema ko sa pagdumi.

Para tanggapin ko ang lubos na paggaling, naghandog ako ng tatlong araw na pag-aayuno. Noong Hulyo 30, nagpasuri ulit ako, nakita sa resulta na wala na ang tumor! Hallelujah!



Bago ipanalangin: 7.62sm
tumor sa kaliwang obaryo



Pagkatapos ipanalangin:
nawala na ang tumor

## *Nang gumaling ako mula sa pneumothorax (hangin o kabag sa pagitan ng dibdib at baga), mas nagpuri ako sa Diyos!*

Diakonesa Sunwoo Lee, 51 taong gulang, Parokya 2

Noong taong 2003, nabali ang tadyang ko sa kanang bahagi ng katawan ko, hindi nagtagal, naapektuhan nito ang baga ko, nilagyan ito ng tubo. Dahil dito, kapag nagkakasipon o bronchitis ako, nawawalan ako ng boses, dapat agad akong magpagamot.


Ako ay mang-aawit ng mga papuri, at noong Hunyo 2010, may nagdala sa akin sa Manmin Central Church. Noong Disyembre 2013, sinipon ako habang naghahanda para sa espesyal na pagtatanghal sa Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes. Maraming plema sa baga ko kaya inubo ako, lumala ang kalagayan ko. Matindi ang pananakit ng dibdib ko, parang tinutusok ng itak. Tinanggap ko ang panalangin, at naghandog ng espesyal na pagtatanghal. Para malaman ko ang dahilan ng




pananakit, pumunta ako sa ospital. Nakita sa CT scan na abnormal ang kalagayan ng kanang baga ko kaya pabalik-balik ang kabag ko sa pagitan nito at ng dibdib ko.

Sinuri ko ang sarili ko, nagsisi ako nang lubos. Pagkatapos, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee. Huminto agad ang pag-ubo ko, nabawasan na din ang plema. Kinabukasan, magaling na ako.

Noong Enero 2014, nagpasuri akong muli. May mabuting balita ang doktor ko, "Natanggal na ang kabag sa pagitan ng dibdib at baga. Malinis at malusog na ang baga mo." Hallelujah!



Bago ipanalangin:
pneumothorax sa kanang baga



Pagkatapos ipanalangin:
normal na ang kalagayan ng baga

# Nabubuhay Ako Dahil sa Biyaya ng Diyos, Niluluwalhati Ko Siya!

Elder Joseph K. Noh, Presidente ng Seoul Chungang Asset, Parokya 19, Manmin Central Church




Sa idinaos na pagkilala at pagbigay ng premyo ng Shinhan Life Insurance, Marso 8, 2016 Tumatanggap si Elder Joseph K. Noh ng pinakamalaking premyo para sa pinakamaraming naibentang pagseseguro sa limang magkakasunod na pagkakataon (si Sungrak Lee, dating Presidente ng Shinhan Life Insurance)



Ang asawa ko ang nagdala sa akin sa Manmin Central Church. Malaki ang respeto ko kay Punong Pastor Dr. Jaerock Lee dahil sumusunod siya sa Salita ng Diyos. Naglingkod ako ng tapat sa iglesya. Dahil dito, tumanggap ako ng malaking biyayang pinansyal sa negosyo.

Pagkatapos ng krisis na pinagdaanan ng buong bayan na binansagang IMF Crisis, maraming kumpanya ang nakipagsapalaran, nagbukas din ako ng kumpanya na may pag-aaring may halagang dalawang milyong dolyar at may malaking pagkakautang kaya hindi ito maianunsyo o maisapubliko ng KOSDAQ. Noong Disyembre 2000, nalugi ito. Napakalaki na ng utang ko, palipat-lipat kami ng tirahan. Naglinis ako ng mga imburnal at poso para kumita ng pera.

Natanto ko na ang dahilan nito ay ang pagmamataas, kasibaan, at kayabangan ko. Taos-puso akong nagsisi, pagkatapos, tinulungan ako ng Diyos na mabayaran ang lahat ng utang ko sa bago kong negosyo.

Noong Hulyo 2005, hinikayat ako ng isang kakilala na magbukas ng negosyo na may kinalaman sa pagseseguro (insurance) sa ilalim ng Shinhan Life Insurance. Wala akong alam tungkol sa negosyong ito, pero nagtiwala ako dahil nagbakasakali akong maging daan ito para palakasin ang iglesya. Tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee bawat buwan, tinanong ko siya tungkol sa negosyo ko. Palagi niyang iginigiit na lumakad ako sa tamang daan, kaya ginawa ko itong tuntunin sa pagpapatakbo ng negosyo. Naging masunurin ako, at higit sa lahat, nagbigay ako ng buong ikapu.

Habang ipinagkakatiwala ko ang negosyo ko sa Diyos nang may pananampalataya, ibinubuhos Niya ang kamangha-manghang pagpapala sa akin, hindi ito masusukat ng pag-iisip ng tao. Ang kumpanya kong Seoul Chungang Asset ay nasa Seoul, at mayroon na itong tatlong sangay ngayon. Mayroon sa Jungbu, Youngnam, at Honam. At ang mga sangay na ahente nito ay nasa Chuncheon, Yeosu, at Busan, at may mga sangay na opisina sa Cheonahn at Jeju. Napakalaking kumpanya na nito ngayon, sakop nito ang buong bansa.

Magmula noong taong 2012, tumatanggap ang kumpanya ko ng premyo mula sa Shinhan Life Insurance para sa pinakamaraming naibentang pagseseguro sa loob ng magkakasunod na limang taon. At noong taong 2015, tinanggap namin ang pinakamalaking premyo sa lahat ng kumpanya na may kinalaman sa pagseseguro. Ginamit kong isa pang tuntunin ang pagmamahal sa kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili. Sumusuporta ako sa mga ministeryo ng iglesya, tumutulong ako sa mahihirap at sa mga napabayaan. Dahil dito, ginawaran ako ng pagkilala ng National Red Cross ng Republic of Korea, Seoul Metropolitan Council, at Bucheon City Hall.




Sa palagay ko, tagapamahala ang tungkuling ibinigay sa akin ng Diyos. Idinadalangin kong Siya ang unahin ko at hindi ang sarili ko, at palagi kong tanggapin ang paggabay ng Banal na Espiritu. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagbibigay sa akin ng tunay na pagpapala sa mga mahalagang pagsubok at sa pagpatnubay Niya sa akin sa paglilingkod ko bilang elder.

# Malakas na Buhos ng Ulan, Tinapos ang Tagtuyot sa Israel

Pastor Daniel Rozen, Presidente ng Crystal Forum, Israel



Hanggang sa taong 2009, nagdusa ang Israel sa matinding tagtuyot na tumagal ng ilang taon. Noong Setyembre 6-7 noong taong iyon, humiling ng ulan sa panalangin si Dr. Jaerock Lee sa idinadaos na krusada ng pagkakaisa sa lugar na ito.

Isang araw pagkatapos ng krusada, ibinalita na umuulan nang malakas sa Israel. Pagkalipas ng isang lingggo, habang papunta ako sa Tel Aviv mula sa Israel, nakita ko kung gaano kalakas ang ulan.

Pagkatapos, noong Oktubre 4, hiniling ko si Dr. Lee na manalangin muli para umulan. Nanalangin siya sa pagsamba sa Linggo ng umaga. Kinabukasan, umulan sa maraming lugar sa Israel, ibinalita ito sa *Jerusalem Post*, isang diyaryo sa wikang Ingles sa Israel; sa *The Col Hair*, pinakamabiling diyaryo sa wikang Hebreo; sa Haaretz (haaretz.com); at sa *Invictory* (invictory.org). Nagpasalamat ako kay Dr. Lee na nanalangin para sa amin.


israel.jpost.com

Korean pastor prays for rain






# Pinigil ng Makapangyarihang Panalangin ang Pag-apaw ng Ilog

Dr. Mika Kupper, Direktor ng WCDN, Australia



Noong Enero 12, 2011, bago idaos ang kumperensya ng WCDN sa Australia, bilang direktor ng WCDN sa lugar na ito, hiniling ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa bansa, nag-email ako sa kanya.

Noong panahong iyon, sunod-sunod ang pagbaha sa Queensland, Australia. Nang tumaas ng 8 metro ang tubig ng ilog ng Brisbane, nabahaan ang ibabang bahagi ng mga gusali. Nagkatubig ang mga lugar na malapit sa ilog. Kritikal na sandali ito dahil baka magkakaroon ng malalang kapahamakan sa loob ng 24 oras dahil magkakasabay pa ang pagtaas ng tubig at pagpapakawala ng tubig mula sa imbakan.

Pero, pagkatapos manalangin ni Dr. Lee, huminto agad ang ulan at naiwasan ang pinsala. Kung hindi tumila ang pag-ulan gaya ng sinabi sa balita, libu-libong kabahayan ang lulubog sa baha.

Nagpapasalamat ako sa Diyos na pumigil sa pagkakaroon ng malalang pinsala sa pamamagitan ng makapangyarihang panalangin. Nagpapasalamat din ako sa pananalangin ni Dr. Lee.


BBC NEWS ASIA-PACIFIC

13 January 2011

Australia floods: Brisbane peak lower than feared

Brisbane residents have taken to their flooded streets in canoes.

Enero 13, 2011 Balita ng BBC, "Pagbaha sa Australia: Hindi gaanong tumaas ang tubig ng Brisbane tulad ng naibalita"

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714